# EPP
# Quiz 1

I. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Anong edad karaniwang nagaganap ang mga pagbabago sa panahon ng pagbibinata o pagdadalaga?
    a. 8-12 taon
    b. 10-16 taon
    c. 15-20 taon
    d. 5-10 taon

2. Ano ang pangunahing tanda ng pagbibinata para sa mga lalaki?
    a. Pagkakaroon ng regla
    b. Paglapad ng balakang
    c. Paglitaw ng Adam's Apple
    d. Pagkakaroon ng balbas at bigote

3. Alin sa mga sumusunod ang karaniwang nangyayari sa mga babae sa panahon ng pagdadalaga?
    a. Paglaki ng kalamnan sa braso
    b. Paglapad ng balakang
    c. Pagbabago ng timbre ng boses
    d. Paglitaw ng Adam's Apple

4. Anong kagamitan ang ginagamit upang alisin ang dumi at libag sa katawan?
    a. Shampoo
    b. Sepilyo
    c. Sabong Pampaligo
    d. Nailcutter

5. Ano ang layunin ng paggamit ng toothpaste?
    a. Pantuyo ng katawan
    b. Pagbibigay kinang sa buhok
    c. Pagtanggal ng mikrobyo sa ngipin at bibig
    d. Pangtanggal ng dumi sa kuko

6. Alin sa mga sumusunod ang gamit ng shampoo?
    a. Pag-alis ng libag
    b. Pag-alis ng dumi sa buhok
    c. Pantanggal ng balakubak sa katawan
    d. Pantuyo ng buhok

7. Anong kagamitan ang ginagamit upang pantayin ang kuko?
a. Sepilyo
b. Nailcutter
c. Nail File
d. Suklay

8. Ano ang pangunahing layunin ng mouthwash?
a. Pagtanggal ng gusot sa buhok
b. Pagpigil ng hindi kanais-nais na amoy sa bibig
c. Pagtanggal ng pagkain sa pagitan ng ngipin
d. Paglinis ng kuko

9. Ano ang pangunahing sanhi ng acne o pimple sa panahon ng pagbibinata?
a. Labis na pag-inom ng tubig
b. Pagbabago sa hormones
c. Pagiging tamad maligo
d. Maling paggamit ng shampoo

10. Bakit mahalaga ang dental floss?**
a. Pampatibay ng ngipin
b. Pampabango ng hininga
c. Pangtanggal ng pagkaing naiwan sa pagitan ng ngipin
d. Pampaputi ng ngipin

II. TAMA o MALI.

________11. Karaniwang lumalapad ang balakang ng mga lalaki sa panahon ng pagbibinata.

________12. Ang pag-uumpisa ng regla ay isa sa mga senyales ng pagdadalaga.

________13. Ang paggamit ng mouthwash ay nagtatanggal ng mikrobyo at mabahong amoy sa bibig.

________14. Ang pagkakaroon ng Adam's Apple ay karaniwang nangyayari sa mga babae.

________15. Ang mga lalaki at babae ay parehong nakakaranas ng acne o pimple sa pagbibinata at pagdadadalaga.

________16. Ang tuwalya ay ginagamit upang pantanggal ng gusot sa buhok.

________17. Ang paggamit ng nailcutter ay mahalaga upang mapanatiling maikli at malinis ang mga kuko.

________18. Ang balakang ng babae ay nananatiling pareho ang anyo sa panahon ng pagdadalaga.

________19. Ang paggamit ng sepilyo at toothpaste ay nakatutulong upang maiwasan ang pagkasira ng ngipin.

________20. Ang pagbabago ng timbre ng boses ay karaniwang nangyayari sa mga lalaki sa panahon ng pagbibinata.

KEY:

1. B
2. C
3. B
4. C
5. C
6. B
7. C
8. B
9. B
10. C
11. MALI
12. TAMA
13. TAMA
14. MALI
15. TAMA
16. MALI
17. TAMA
18. MALI
19. TAMA
20. TAMA